Australian Government
Department of Home Affairs

Giya ng Konsyumer

Ang mga rehistradong ahente sa migrasyon ay mga taong dalubhasa na kailangang tumugon sa mga pamantayan ng propesyon, sumunod sa Koda ng Asal at panatilihing pangkasalukuyan ang kaalaman sa batas at pamamaraan sa migrasyon .

Ang inyong ahente ay kailangang nakarehistro sa OMARA (Office of the Migration Agents Registration Authority), na naggagarantiya na mga taong nararapat lamang ang rehistrado na magbigay ng tulong sa migrasyon. Upang malaman kung ang isang tao ay rehistrado, bisitahin ang website ng OMARA: www.mara.gov.au.

Ang mga Ahente ng Migrasyon at ang Koda sa Asal

Ang Koda sa Asal ay naggagarantiya na ang inyong rehistradong ahente sa migrasyon ay:

- maging tapat sa inyo tungkol sa inyong tsansang makakuha ng visa;
- palagi kayong binibigyan ng impormasyon tungkol sa progreso ng inyong aplikasyon at anumang mga pagbabago na maaaring makaapekto rito;
- madaling kausapin sa mga oras na may pasok sa trabaho at sinasabihan kayo kung nagpalit sila ng mga detalye ng kontak;
- kumikilos ayon sa batas, para sa inyong pinakamabuting interes at pinoprotektahan ang inyong pagkapribado;
- dinedeklara ang anumang interes nila na maaaring makaapekto sa aplikasyon at hindi magdedesisyon para sa inyo kung mayroong mga problema;
- magbibigay sa inyo ng nakasulat na pahayag — bago simulan ang trabaho — ng mga serbisyong ibibigay, kalkula ng mga bayad at iba pang gastos;
- sumisingil nang makatwirang halaga at, kung kayo ay magbibigay ng paunang bayad, ilalagak ito sa isang hiwalay na akawnt sa bangko;
- bibigyan kayo ng invoice na may listahan ng mga aktwal na serbisyong natapos at halagang babayaran pa;
- magbibigay ng napapanahon at tamang payo at sasabihin sa inyo sa sulat ang tungkol sa resulta ng inyong aplikasyon sa lalong madaling panahon.

Mga reklamo

Kung nakakaranas kayo ng problema sa inyong rehistradong ahente sa migrasyon subukang lutasin ito sa kanila. Para sa tulong, kontakin ang OMARA.

Ang pagreklamo sa OMARA ay hindi makakaapekto sa inyong aplikasyon sa visa.

Tanggapan ng Awtoridad sa Rehistrasyon ng mga Ahente sa Migrasyon (OMARA)

Sa ilalim ng batas ng Australya, ang OMARA: ay

- nagtatasa at nagdedesisyon sa mga aplikasyon para sa rehistrasyon bilang isang ahente sa migrasyon;
- nag-aaproba ng mga gawain para sa patuloy na pagpapaunlad sa propesyon ng mga ahente;
- sumusubaybay sa asal ng mga rehistradong ahente sa migrasyon; at
- sumisiyasat sa mga reklamo laban sa mga rehistradong ahente sa migrasyon at magdidisiplina sa kanila kung kinakailangan.

Ang OMARA ay hindi makakatulong sa inyong aplikasyon sa visa o sponsorship, o mag-uutos na ibalik sa inyo ang mga naibayad na ninyo sa rehistradong ahente sa migrasyon.

Ang karagdagang impormasyon ay maaaring makuha sa www.mara.gov.au

- Koda sa Asal
- Mga tip sa paggamit ng isang rehistradong ahente sa migrasyon

Tingnan kung ang isang tao ay rehistrado sa www.mara.gov.au: